

CALLER: Sino ang nagsabi sa iyo?

RECEIVER: Sa opisina, sir. Ako lamang ang nagpapa-permit na kasama ang driver.

CALLER: Wala ka, kung lalaki ka humarap ka.

RECEIVER: Paano ako haharap sa iyo sir, maghapon ako naghintay sa iyo sa opisina, wala ka.

CALLER: Humarap ka, kahit ano.. hindi mo kasi naiintindihan hindi arok ng utak mo. Meron akong instruction eh, may instruction ako. Dahil ako nagda-doubt ako sa inventory na ginawa ni *(inaudible)*

RECEIVER: Pumunta na po ang inutusan ninyong tao kanina, naghintay po ako

CALLER: Ikaw ang tinatanong ko, saan ka makakakita ha, 284 lang ang kahoy, ang diameter nun ay, pag forester ka, pwede ba na magkaroon ng 60,000 board feet, alam mo rin yun dahil matagal ka ng nag-aano.

RECEIVER: Kayo sir ang may gawa nyan. Kayo ang may gawa nyan sa opisina, hindi po ako.

CALLER: Kaya nire-review kanina. Ano ang pinanggagalaiti mo? Ang trumabaho nyan ay mismong si Capiral, ngayon ang tanong ko sa iyo, may instruction pa ako kay April, reviewhin lahat ang mga in-inventory kaya kung forester ka dahat alam mo ito. Hindi mo alam ang pinag-uusapan namin eh. Kaya wag mo akong husgahan, gago ka.

RECEIVER: Sir, sila ang nagsabi sa akin...

CALLER: Wala na akong panahon sa iyo. Kung lalaki ka humarap ka.

RECEIVER: Sila ang nagsabi sa akin na bibilangin isa-isa..

*(The caller disconnected the call.)*